



## ANG MABUTING BALITA (Mt. 17:22-27)

### **Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo**

Minsang maglakbay si Jesus sa Galilea kasama ang Labindalawa, sinabi niya sa kanila: "Ibibigay ang Anak ng Tao sa kamay ng mga tao. Papatayin nila siya ngunit babangon siya sa ikatlong araw." Kaya lubha silang nalungkot. Nang makapasok na sila ng Capernaum, lumapit kay Pedro ang mga taga-kolekta sa Templo at tinanong nila siya: "Nagbabayad ba ng buwis ang guro n'yo?" Sumagot siya: "Siyempre." At pumasok si Pedro sa bahay ngunit agad siyang tinanong ni Jesus: "Ano sa palagay mo Simon? Sino ang nagbabayad ng buwis o parangal sa mga hari ng mundo: ang mga anak ba o ang iba?" Sumagot si Pedro: "Ang iba." At sinabi ni Jesus: "Kung gayon, di-saklaw ang mga anak. Ngunit hindi rin natin dapat saktan ang mga taong ito kaya pumunta ka sa dagat, maghagis ng bingwit at buksan ang bibig ng unang isdang iyong mahuli. May pera kang matagpuan doon, kunin mo iyon at magbayad ka para sa iyo at sa akin.

### **Pagninilay:**

May mga bagay na nakalaan para sa Diyos. At may mga bagay din naman na sadyang nakalaan sa bayan ayon sa mga batas at panukala nito. Hindi tayo maituturing na matuwid kung naibibigay natin ang nakalaan para sa Diyos, pero hindi naman natin ginagawa ang mga bagay para sa ikabubuti ng bayan na siya rin namang hinahangad ng Diyos. Sa panahong isinusulong natin ang tunay na pagbabago sa ating bansa para sa ikauunlad ng ekonomiya at serbisyo sa mamamayan, makipagtulungan tayo sa ating pamahalaan. Simulan natin sa ating sarili ang pagbabago nang maganap ang pangmalawakang pagbabagong hinahangad natin sa bayan.

### **Panalangin:**

Panginoon, marapatin Mo pong manaig sa puso ng bawat Pilipino ang katapatan at pagmamalasakit sa aming bayan nang matamo namin ang ganap na pagbabago at kaunlaran. Amen.

### **MISSION VISION**

"Inspired by our faith in God, by our Catholic traditions and by the charism of St. John Baptist de La Salle educational innovator par excellence, we together and by association are committed to give quality human and Christian education to all building a society founded on equity and justice and on sustainable and inclusive development."

## MULA SA TANGGAPAN NG PUNONG GURO:

Isang mapagpalang pagbati sa lahat ng kasapi ng Pamilyang Lasalyano ng De La Salle Lipa Integrated School. Nawa'y ang ating mga adhikain kaugnay ng ating misyon ay maluwalhating magkaroon ng katuparan. Sa mga bagong kasapi ng ating pamilya, malugod namin kayong tinatanggap. Sa mga datihan ng kasapi, maligayang pagbabalik at nawa ay maging huwaran kayo ng pagsasabuhay ng Lasalyanong gawi at pagpapahalaga sa ating mga bagong kasapi.

Sa mga minamahal naming guro at kawani, maraming salamat sa patuloy ninyong pagbibigay ng sarili sa paglilingkod para sa ikabubuti ng mga mag-aaral na ipinagkatiwala sa atin. Ang inyong dedikasyon at pagiging bukas sa mga pagbabago sa kabila ng mga mabibigat na hamon ay tunay na kahanga-hanga.

Sa mga minamahal naming mag-aaral, nawa ay mabigyan ninyo ng pagpapahalaga ang mataas na uri ng edukasyon na sa pagpapatnubay ng ating Panginoong Hesus at ng ating patron San Juan Bautista De La Salle ay ipinagkakaloob sa inyo ng ating paaralan, ng inyong mga magulang, at ng lahat ng katuwang natin sa pagtataguyod ng Lasalyanong edukasyon. Nawa ay pakalimiin ninyo ang mga araling inihanda para sa inyo.

Dalangin namin ang ibayong pagpapala para sa ating lahat at sa mga kasapi ng ating mga pamilya. Animo Lasalle!

## MULA SA IKALAWANG PUNONG GURO NG AKADEMIKS:

Isang mapagpalang araw, mga Lasalyano!

Malugod namin kayong tinatanggap sa muling pagbubukas ng isang taon ng paghubog sa inyong kaalaman, kasanayan at Lasalyanong pamumuhay. Nawa'y maging makabuluhan ang taong ito para sa inyo at nawa'y sikapin ninyong maging mahuhusay na mag-aaral at kapaki-pakinabang na kasapi ng lipunan. Mabuhay kayo!

## MULA SA TANGGAPAN NG RESGO:

**Type B Uniform:** Ipinagbibigay-alam sa mga kinaukulan na nagpatala at nagbayad na ng kanilang order mula Hunyo 26-Hulyo 6 na ang inyong mga biniling "Type-B Uniform" ay maaari nang makuha sa HLS Lobby mula ngayong Lunes, Agosto 13 sa ganap na ika-7 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Kung may nais pang magpatala ng kanilang order ay mangyaring pumunta sa JD 301. Salamat po.



## MULA SA OVCAR – KOMUNIDAD NG GRADE SCHOOL:

### *Mula sa Ikalawang Punong Guro*

1. Maligayang pagdating sa unang araw ng inyong buhay mag-aaral sa Taong Panuruan 18-19 mga minamahal naming Lasalyano! Ito ang simula ng bagong taon ng kasiyahan at pag-aaral matapos ang mahabang bakasyon; bagong antas, mga bagong guro, bagong kaibigan at mga bagong simulain ng paaralan. Isang magiliw na pagbati sa maayos na pasimula!
2. Taos pusong pasasalamat ang ipinaabot sa buong komunidad ng *Grade School* lalo't higit sa ating mga Gurong Tagadisiplina at mga Gurong Tagapayo sa kanilang lubusang paghahanda para sa pagbubukas ng taong ito. Tunay na ang ikapagtatagumpay ng ating mga adhikain ay nasa dedikasyon at pagkakaisa ng lahat.
3. Ang mga panuntunan at gabay sa buong taon ay sisimulang talakayin ng inyong mga guro sa araw na ito. Inaasahan na ang lahat ng mga mag-aaral ay maliming makikinig. Ang itinakdang oras ng *recess* ay sa ganap na 10:00 at ang uwian ay sa ganap na 11:40.
4. Ipamamahagi po ngayon ang liham para sa mga magulang. Mangyaring ipaliwanag ng mga Gurong Tagapayo sa mga mag-aaral ang nilalaman nito.
5. Simula bukas, Agosto 14 ay susundin na ang regular na iskedyul ng Baitang 1 -6, gayundin ang pagsusuot ng nakatakandang uniporme sa bawat araw. Ang mga bagong mag-aaral ay binibigyan ng palugit hanggang Agosto 31. Subalit kung meron na ay maaari nang makiisa sa itinakdang patakaran sa pagsusuot ng uniporme. Maraming salamat!

### *Mula sa Departamento ng Christian Living*

Sa darating na Agosto 17, 2018, araw ng Biyernes, tayo ay makikiisa sa Banal na Misa upang ialay ang bagong Taong Panuruan sa Espiritu Santo. Ito ay ginagawa upang maging mabunga at banal ang ating buong taon at upang mabiyayaan tayo ng Banal na Espiritu. Ito ay gaganapin sa SENTRUM sa ganap na ika-9:00-10:00 n.u. Inaasahan na ang lahat ay handa sa gawaing ito. Ipinaaalala na ang misa ay pakikipagtagpo natin kay Kristo, pakikiisa natin sa Kanyang sakripisyo at pakikibahagi natin sa Kanyang katawan at dugo. Kung kaya't gayun na lamang ang ating paggalang at pakikiisa dito. Bilang mga kasapi ng Simbahan, nawa ay maibigay natin ang ating buong pusong partisipasyon sa misang ito. Inaasahan ang tulong at gabay ng mga Gurong Tagapayo. Ang mga piling mag-aaral na gaganap sa misa ay makipag-ugnayan sa kanilang guro sa CLCE.

### *Mula sa GS-Departamento ng Filipino*

Maligayang pagdiriwang ng **Buwan ng Wika!** Ang paksang-diwa para sa taong ito ay **Filipino: Wika ng Saliksik.**

Ang tema ay kumikilala sa wikang Filipino bilang midyum sa paglikha at pagpapalaganap ng pambansang karunungan at kaunlaran.

Ang lahat ay inaasahang makiisa at sumuporta sa mga itinakdang gawain upang lalo pang malinang at maipagmalaki ang wika at kulturang sadyang sariling atin!

### *Mula sa Departamento ng Araling Panlipunan*

Mabuhay!

Maligayang pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan!

Para sa pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan ngayong buwan ng Agosto na may temang **KASAYSAYAN: Tuklasin, Mahalin at Palaganapin**, ang departamento ng Araling Panlipunan o "Social Studies Department" ay may itinakdang mga gawain para sa mga mag-aaral at mga guro upang sariwain at madagdagan pa ang kanilang kaalaman at kamalayan sa kasaysayan ng bansang Pilipinas. Inaasahan ng buong kasapi ng departamento ang suporta ng buong komunidad. Maraming salamat!

### *Mula sa Tanggapan ng Punong Tagadisiplina*

1. Magandang Buhay! Maligayang pagbabalik mga Lasalyanong mag-aaral.
2. Nawa'y gugulin ninyo ang araw na ito sa pakikinig sa mga tagubilin ng inyong mga guro.
3. Pinaaalalahanan ang lahat na mga dating mag-aaral na magsuot ng angkop na uniporme simula bukas. Samantalang ang mga bagong mag-aaral ay binibigyan ng pagkakataon hanggang Agosto 31, 2018 na magsuot ng kanilang angkop na uniporme.

## MULA SA OVCAR – KOMUNIDAD NG JUNIOR HIGH SCHOOL:

### *Mula sa Ikalawang Punong Guro*

1. Malugod naming ipinahahatid ang masayang pagbati sa lahat ng ating minamahal na mag-aaral sa pagsisimula ng pasukan ngayong taong ito! Nawa ay maging makabuluhan ang inyong oras na ipananatili sa paaralang ito na inyo ring maituturing na pangalawang tahanan.
2. Ang mga patakaran at panuntunan ng ating paaralan ay ipapaliwanag sa inyo ng inyong mga gurong tagapayo. Inaasahan namin na pakikinggan ninyong mabuti ang mga alituntunin upang inyong maging gabay. Maaari kayong magtanong kung may mga bagay kayong gustong linawin.
3. Simula bukas ay inaasahan na ang tamang uniporme ay suot na ng ating mga datihan ng mag-aaral samantalang ang mga bagong lipat dito ay binibigyan pa ng palugit hanggang ika- 22 ng Agosto.
4. Magkakaran ng pagtitipon ang mga mag-aaral sa bawat antas sa mga sumusunod na petsa:  
Ngayong araw na ito, Agosto 13, 2018 – Antas 7, sa SENTRUM  
Agosto 14 – Antas 9, sa BHV gym  
Agosto 15 – Antas 8, sa BHV gym  
Agosto 17 – Antas 10, sa BHV gym  
Ang lahat ay inaasahang pumunta sa lugar ng pagtitipon pagkatapos ng mga gawaing pang-umaga na ginaganap sa inyong Homeroom.

### *Mula sa Departamento ng Christian Living*


Sa darating na Agosto 16, 2018, araw ng Huwebes, tayo ay makikiisa sa Banal na Misa upang ialay ang bagong Taong Panuruan sa Espiritu Santo. Ito ay ginagawa upang maging mabunga at banal ang ating buong taon at upang mabiyayaan tayo ng Banal na Espiritu. Ito ay gaganapin sa SENTRUM sa ganap na ika-9:30-10:30 n.u. Inaasahan na ang lahat ay handa sa gawaing ito. Ipinaaalala na ang misa ay pakikipagtagpo natin kay Kristo, pakikiisa natin sa Kanyang sakripisyo at pakikibahagi natin sa Kanyang katawan at dugo. Kung kaya't gayun na lamang ang ating paggalang at pakikiisa dito. Bilang mga kasapi ng Simbahan, nawa ay maibigay natin ang ating buong pusong partisipasyon sa misang ito. Inaasahan ang tulong at gabay ng mga Gurong Tagapayo. Ang mga piling mag-aaral na gaganap sa misa ay makipag-ugnayan sa kanilang guro sa CLCE.

### *Mula sa Departamento ng Filipino*

MULA SA DEPARTAMENTO NG FILIPINO JHS

MALIGAYANG PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2018!!!

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa 2018 mula ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Pinagtibay ng Kalupunan ng mga Komisioner ng KWF ang Kapasiyahan Blg. 18-24 na nagpapahayag na ang tema ng Buwan ng Wika para sa taong 2018 ay "**Filipino: Wika ng Saliksik.**"



Ang tema ay kumikilala sa wikang Filipino bilang **midyum sa paglikha at pagpapalaganap ng pambansang karunungan at kaunlaran**. Sa pamamagitan ng tema, **layon ng KWF na palaganapin ang wikang Filipino sa iba't ibang larangan ng karunungan, lalo na sa Agham at Matematika.**"

**Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:**

- a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
- b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
- c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg.: 58, s. 2017

Websayt: [www.kwf.gov.ph](http://www.kwf.gov.ph); [www.deped.gov.ph](http://www.deped.gov.ph)

## **MULA SA OVCAR – KOMUNIDAD NG SENIOR HIGH SCHOOL:**

### **Mula sa Ikalawang Punong Guro**

1. Para sa mga Guro – Ipinabatid po sa inyong kaalaman na may mga silid-aralan tayo na walang nakalaan na *projector*. Kung kayo po ay gagamit, mangyari po lamang na magsagawa ng reserbasyon sa *Learning Online Reservation System (LORS)* - <http://www.dlsl.edu.ph/for-students/learning-resource-center/> - bago pa man ang araw ng paggamit nito upang maihanda ng ating mga kasamahan mula sa *Institutional Multimedia Center (IMC)*. Maraming salamat.
2. Para sa mga Mag-aaral
  - a. Sa mga mag-aaral na nagnanais pa na bumili ng Type B uniform, mangyari lamang na magsadya sa opisina ng RESGO na matatagpuan sa Sen. Diokno Building, JD 301 para sa pagpapasukat.
  - b. Inaasahan na ang lahat ng mag-aaral ay mayroon ng ID. Ito ay bahagi ng inyo *complete uniform*. Kung wala pang ID, makipag-ugnayan sa inyong Grade Moderator.
3. Paalaala tungkol sa *Holy Spirit Mass*
  - a. Agosto 14 – Grade 11
  - b. Agosto 15 – Grade 12Inaasahan ang pagsama at pakikiisa ng mga guro sa nasabing Banal na Misa na gaganapin sa SENTRUM.

### **Mula sa Departamento ng SHS Filipino**

Mapagpalang araw!

Ipinagdiriwang natin nayon ang Buwan ng Wika na may temang **Filipino: Wika ng Saliksik**. Kaugnay nito, naghanda ng mga gawain ang Departamento ng Filipino. Hintayin ang mga susunod na anunsyo hinggil dito. Inaasahang makiisa ang lahat sa pagpapayabong ng kulturang atin—ang Wikang Filipino!

## **MULA SA OVCAR - TANGGAPAN NG TAGAGABAY:**

1. Maligayang pagbabalik mga Lasalyano! Ang lahat ng mag-aaral ay hinihikayat na gawing makabuluhan at masaya ang Taong Panuruan 2018– 2019.
2. **Ang mga sumusunod ang bumubuo ng Tanggapan ng Gurong Tagagabay:**

Puno ng Gurong Tagagabay:	G. Jojo Berana
Nursery 1, 2, Kinder and Grade 1:	Gng. Melisa Gonzales
Antas 2, 3 & 4:	Gng. Kristine Mendoza
Antas 5 & 6:	Gng. Love Navarro
Antas 7:	Gng. Che Grajo
Antas 8:	Gng. Minnie Mallari
Antas 9:	Gng. Jane Gutierrez
Antas 10:	Bb. Renie Fabon
Psychometrician:	Bb. Alecks Dimaano
Sekretarya:	Gng. Iyah Docog
Antas 11 STEM:	Gng. Maicon Katigbak
Antas 12 STEM:	Gng. Nery Dumol
Antas 11 at 12 ABM / HUMSS:	Gng. Che Grajo / G. Jojo Berana
3. **Para sa mga Gurong Tagapayo at mag-aaral ng Antas 2:** Ipinagbibigay alam ang iskedyl ng *Room-to-room Guidance Re-orientation* ngayong araw, Agosto 13 at sa Biyernes, Agosto 17, 2018.

Petsa	Oras	Seksyon	Guro
<b>ANTAS 2</b>			
Agosto 13, 2018 (Lunes)	9:20 – 10:00 n.u.	BB 112	Gng. Neri Hernandez
Agosto 17, 2018 (Biyernes)	8:40 – 9:20 n.u.	BB 111	Bb. Andrea Calimlim
	11:00 – 11:40 n.u.	BB 109	Gng. Fe Lajara
	12:40 – 1:20 n.h.	BB 108	Bb. Grace Robles
	1:20 – 2:00 n.h.	BB 110	Gng. Cristy Hernandez
	2:00 – 2:40 n.h.	BB 104	Gng. Sam Sarmiento

## **MULA SA TANGGAPAN NG GAWAING PANG-MAG- AARAL :**

1. Maligayang Pagbabalik sa tahanan ng Green Chevron, ang De La Salle Lipa. Isang pagbati din mula sa ating Student Coordinating Board na naghanda ng ibat-ibang Gawain ngayon araw na ito. Simulan natin ang araw na ito ng may ngiti sa ating mga labi at masasayang salita mula sa ating bibig. Pagpalain nawa tayo ng Maykapal sa pasimula ng taong ito. ANIMO LASALLE!

